# **Bura, Sulat**

*Bura. Sulat. Bura. Sulat.*

*“10 minutes left!”*

*Bura. Sulat. Bura. Sulat.*

Sa bawat pagkudlit ng aking *ballpen* sa puting papel na sinusulatan, pilit kong hinahabol ang bawat pagpatak ng orasan upang mapasa ang aking sanaysay. Subalit, sa bawat pagsusulat ko ay siyang sinasabayan din ng walang hintong pagbubura ng aking mga daliri sa mga salitang nais kong tanggalin – sa mga bagay na nararapat alisin.

Noong mga oras na iyon, ako’y lumahok sa isang patimpalak para sa mga kabataang manunulat gaya ko. Dalawang oras at isang malinis na puting papel lamang ang binigay upang isulat ang aming mga sanaysay. Bitbit ko ang aking panulat at pambura, kasabay ang aking mithiin na magwagi sa patimpalak gamit lamang ang sariling talas ng isip at talento sa pagsusulat. Ngunit, sa bawat takbo ng oras, sa bawat yabag na aking naririnig mula sa nagmamasid na tagabantay, at sa bawat tibok ng aking puso dala ng kaba, hindi ko maiwasang maglaro sa aking isipan na sana’y gumamit na lamang ako ng *AI*. Marahil ito’y tutulong sa akin upang matapos ang aking sinusulat nang maikling sandali. At marahil hindi ko na kailangan pang gamitin ang aking utak upang maglahad ng aking mga kathang-isip at mga ideya. Sa isang iglap lamang ay mayroon na akong sanaysay na labis hahangaan ng iba. Gamit ito, hindi na ako kailan man magbibitbit ng panulat at pambura... At walang bura’t sulat na magaganap.

Bilang isang bata na kabilang sa henerasyong tinatawag na *Generation Z,* maaga akong nasanay sa paggamit ng teknolohiya. Lumaki akong mulat sa harap ng mga gadyet at kung ano-

ano pang mga teknolohiyang kaugnay ng *digital* na mundo. Hindi ko naman maikakaila kung gaano kalaki nito hinubog ang aking paraan ng pamumuhay at ng nakararamihan, na kalauna'y huhubog din sa aking pagkatao. Sino ba ang mag-aakalang ang teknolohiya at ang *digital* na pamamaraan ang ating magiging bagong mundo? Hindi lamang iyan, sino ba naman ang mag-aakalang aabot ito sa puntong ang teknolohiya ay magiging... tayo?

Dahil sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, samu't saring mga kalakaran ang lumilitaw sa mundong ginagalawan. Sa katunayan, hindi na bago sa akin ang teknolohiya. At mas lalo pang hindi na nababago sa akin ang mga kagawiang pinamumunuan ng modernong panahon – ang *Digital Age*. Kung kaya naman, madali na lamang para sa akin ang pagbaybay sa *virtual* na mundo gaya ng *social media platforms* tulad ng *Facebook, Instagram,* at siyempre, hindi magpapahuli ang aking paborito, *TikTok*! Oo, batid ko naman ang mapanganib na landas ng *social media.* Laging ipinapayo sa akin na mag-ingat sa paggamit nito sapagkat kahit na nakatutulong ito sa lipunan, ito rin ay nagdadala ng negatibong epekto sa kabataan. Marahil dahil dito ay mabilis na lumalaganap ang *fake news*? Maaaring kumalat ang iyong sensitibong impormasyon? O hindi kaya, dahil dito ay talamak pa rin ang *cyberbullying* at *online harassment?* Tunay ngang nakakikilabot ang mga kaakibat na panganib ng teknolohiya. Gayunpaman, bilang kabataan na sumasabay lamang sa agos ng kaunlaran, at bilang kabataan na nakatutuklas pa lamang ng mga bagay-bagay sa sariwang edad, patuloy pa rin ang ating pagbabaybay sa *digital landscape* nang walang pangamba. Kagaya ko, palibhasa'y hindi pa nila natutuklasan ang mga banta ng teknolohiya.

Ngayong taon, muling namulat ang kabataan sa makabagong teknolohiya na ginagamit ng nakararamihan, ang *artificial intelligence* o *AI*.

*"Ang AI o Artificial Intelligence ay isang konsepto at larangan ng pag-aaral na nauukol sa paglikha ng mga makina o sistema na may kakayahang mag-isip at kumilos tulad ng tao. Ito ay*

*naglalayong bigyan ang mga computer at mga kagamitan ng kakayahan na matuto, umunawa, magdesisyon, at magpatupad ng mga gawain na karaniwang nauukol sa mga tao."*

Namangha ako nang malaman na kaya nitong kumilos tulad ng isang tao. Higit pa, kaya nitong gumawa ng mga bagay-bagay na mas matulin pa sa aking utak. Sinong mag-aakala na *copy and paste* lamang ang aking ginawa sa talata bago nito. Kung hindi ko nilagyan ng mga panipi ay walang mag-aakalang hindi ako ang sumulat niyan. Walang mag-aakalang galing lamang iyan sa tinatawag nilang *artificial intelligence.* Sana pala'y ginamit ko ito noong sumabak ako sa patimpalak. Kung gayon, mas napadali pa sana ang aking pagsusulat – walang bura't sulat na naganap.

Sa ~~tulong~~ ng teknolohiya sa kasulukuyan— mali. Sa bitag ng teknolohiya ngayon, isang *click* lamang ng aking daliri ay kayang-kaya ko na lumikha ng mga bagay nang mayroong pambihirang bilis. Kung tutuusin, habang sinusulat ko ito sa aking *laptop*, nasa akin ang abilidad upang gamitin ang *AI* at tapusin ang aking sanaysay sa isang pag-*click* lamang. Subalit, hindi. Nakatutukso man ito gamitin para sa aking sariling pakinabang, ngunit hindi ko ito ibig gawin. At kailan ma'y hindi ko nanaisin samantalahin ang kapasidad ng teknolohiya upang manlinlang ng mga magbabasa nito. Sapagkat hindi nasanay ang aking mga kamay upang mag-*click.* Bagkus, nasanay ang mga ito upang magbura, magsulat, at magbahagi ng mga impormasyong hihikayat sa mga kabataan upang pagyamanin ang teknolohiya sa ating pagbaybay.

***Bura.***

Lagi natin bitbit ang pambura upang burahin ang mga mali sa papel na sinusulatan – mga bagay na nararapat alisin at lupigin. Maihahalintulad ito sa ating pagbabaybay sa mapaglarong mundo ng teknolohiya: ang papel bilang ang *digital landscape*, at ang pamahalaan at ang ating mga pamilya bilang pambura – mga taong tutulong sa atin upang alisin at lupigin ang mga

panganib ng teknolohiya. Sa pamamagitan ng pagtaguyod ng *digital literacy* ng pamahalaan, matutulungan ang kabataan upang maging responsable sa paggamit ng teknolohiya. Makatutulong din ang ating mga pamilya upang puksain ang mga negatibong impluwensiya na hatid ng modernong panahon. Ilan lamang dito ang *fake news* at *cyberbullying* na madalas nating nakaliligtaan sa *social media* bilang mga kabataan. Burahin natin sa ating isipan na positibong pagbabago lamang ang maaaring idulot ng malimit na pag-asa sa teknolohiya. Sapagkat ang katotohanan ay mayroon itong kaakibat na panganib sa bawat pag-*click* ng ating mga daliri.

***Sulat.***

Sa pagsusulat, ginagamit ang natural na talas ng isip at angking talino upang maglahad ng sariling pananaw at palagay. Bilang kabataan, mayroon tayong kakayahan upang magbahagi ng impormasyon tungkol sa tamang paggamit ng teknolohiya sa pamamagitan ng pagsusulat. Sa bawat *click* at *post* na inilalahad natin sa *social media*, isipin natin nang mabuti ang ating mga isinusulat at ibinabahagi. Gamitin natin ang *artificial intelligence* upang pagtibayin ang ating mga ideya, hindi upang kumopya lamang. Mapanlinlang ang pagbabaybay sa *digital* na mundo. Marami ang nagbabalatkayo. Kadalasan, ginagamit ng nakararamihan ang *AI* upang magpakita ng huwad na katalinuhan. Higit pa, ginagamit din ng iba ang *social media* upang magpakita ng mapagpanggap na pagkatao. Kung kaya naman, isulat natin, hindi lamang sa papel, kung hindi pati rin sa ating mga munting isipan ang kamalayan sa wastong paggamit ng teknolohiya. Nararapat lamang tumatak sa utak ng mga kabataan ang kanilang kakayahan upang mas pagyamanin ang mga modernong kagawian.

Lingid sa ating kaalaman na ang bawat inosenteng pag-*click* natin sa ating mga gadyet ay naghahatid ng panganib na hindi na kailan man mabubura pa. Mas mainam nang patuloy ang ating pagbubura at pagsusulat sa mundong patuloy na umuunlad. Ito ay nagpapahiwatig na sarili nating

pag-iisip at mga ideya ang ginagamit sa pagbabaybay sa panahong pinamumunuan ng teknolohiya. Kaya naman, gamitin mo ang sariling talas ng isip at talino. Kumuha ka ng papel at magsulat.

*Bura...*

*Sulat.*

*Bura...*

*Sulat.*